

Benepisyong para sa Scholarship

Impormasyon sa taunang halagang pagbabayad at pagbabayad para sa Hulyo hanggang Marso ng susunod na taon

Ang Shiga Prefectural Board of Education ay magbibigay ng “benepisyong para sa scholarship” **na hindi na kailangan isauli** sa mga tagapangalaga at iba pa ng sambahayang may mababang kita (may tax rate sa kita sa prefectural at municipal tax na 0 yen (tax-exempt)), na may estudyante sa high school na pumapasok sa pampublikong high school at iba pa.

1 Mga karapat-dapat

Mga tagapangalaga at iba pa sa sambahayan na nakatugon sa lahat ng mga sumusunod na kwalipikasyon sa **Hulyo 1 sa academic year ng aplikasyon**

- Sambahayang may estudyante sa high school na may kwalipikasyong tumanggap ng alinman sa high school tuition support funds, relearning support funds, o advanced course tuition funds
- **Mga sambahayang tumatanggap ng welfare benefits (tulong sa pangkabuhayan) o may tax rate sa kita sa prefectural at municipal tax na 0 yen (tax-exempt) sa academic year ng aplikasyon** (Kung may dalawa o higit pang tagapangalaga, ang lahat ay dapat tax-exempted.)
- Sambahayang may tagapangalaga at iba pa na may adres sa Shiga Prefecture

2 Klasipikasyon ng pagbabayad

Mangyaring mag-apply sa naaangkop na kategorya sa sumusunod: ① o ②.

① Taunang halagang pagbabayad

Karapat-dapat na mga estudyante sa high school

- Maliban sa mga bagong estudyante sa academic year ng aplikasyon
- Mga bagong estudyante sa academic year ng aplikasyon na nais makatanggap ng taunang halagang pagbabayad (mga hindi nag-apply para sa partial na maagang pagbabayad)

② Pagbabayad para sa Hulyo hanggang Marso ng susunod na taon

Karapat-dapat na mga estudyante sa high school

- Mga bagong estudyante sa academic year ng aplikasyon na nag-apply para sa partial maagang pagbabayad

3 Halaga ng pagbabayad (※1)

Klasipikasyon ng sambahayan		Full-time course/ Part-time course	Correspondence course	Advanced course
①	Sambahayang tumatanggap ng welfare benefits	32,300 yen	32,300 yen	50,500 yen
②	Tax-exempted na sambahayan maliban sa kategorya ①	Unang tao	50,500 yen	
	Pangalawa at kasunod na tao (※2)	143,700 yen		

※1 Ang halaga ng pagbabayad kapag nag-apply para sa pagbabayad para sa Hulyo hanggang Marso ng susunod na taon ay ang halaga na nakukuha sa pamamagitan ng pagbawas ng halaga ng maagang pagbabayad mula sa taunang halagang pagbabayad ayon sa kategorya ng pagbabayad sa Hulyo 1. Kung ang halaga ng maagang pagbabayad ay lumagpas sa taunang halaga, ang halaga ng maagang benepisyong ang magiging taunang halaga.

※2 Nangangahulugang estudyante sa high school at iba pa na may kapatid na umaasa sa tagapangalaga at iba pa at nalalapat sa alinman sa mga sumusunod.

- 15 taong gulang pataas (maliban sa junior high school na estudyante) at mababa sa 23 taong gulang
- 23 taong gulang pataas na estudyante sa high school at iba pa

4 Paano mag-apply

○Panahon ng Aplikasyon

Magsisimula ang pagtanggap mula Hulyo 1 ng academic year ng aplikasyon

Mangyaring sundin ang patnubay ng paaralan para sa deadline.

○Paano mag-apply

Ihanda ang mga kinakailangan dokumento at **isumite ito sa high school at iba pa na pinapasukan**

Ang mga application form at sample kung paano ito sulatan ay ipinamimigay sa mga paaralan.

Gayundin, maaari itong i-download mula sa website ng Board of Education.

◆Para sa mga katanungan

Mangyaring makipag-ugnayan sa high school at iba pa kung saan pumapasok.